Tumawag sa 119 kung may sunog o emergency!

Ano ang 119 ?

Tumawag sa telephone no. “119” kung kailangan ng bombero sa sunog o ambulansya kung may emergency (biglaang pagkakasakit o nasugatan). Ang tawag ay pupunta sa bombero.

- Walang bayad, buong araw sa buong taon.
- Makakatawag din sa mobile/smart phone.

Ambulansya

Trak ng bumbero

Interpreter service

- Kung tatawag sa 119 sa Kobe City, bukod sa salitang Hapon ay mayroong interpreter service para sa 5 wika.

* Sinusuportang wika (5 wika)
Ingles, Intsik, Koreano,
Espanyol, Portuges





Punto kung tatawag sa 119

(1) Kung sumagot ang bombero, huwag mag-panic at sabihin ng maliwanag kung ang ire-report ay “sunog” o “emergency”

Kung hindi magka-intindihan, ikokonekta sa translator, huwag putulin ang linya.

(2) Kung kailangan ng tulong, sabihin ng maliwanag ang lugar (address, mga palatandaang gusali, atbp.). Kung hindi alam ang address, maaring kumpimahin ang nakasulat sa malapit na poste.

Kung kaya pa ninyo i-report…

[kung sunog]
- ano ang nasusunog
- paano nasusunog
- kung may hindi nakatakas o nakulong sa sunog

[kung emergency]
- kasarian, edad, bilang ng tao
- may malay o humihinga
- sugat (gaano kalala), sintomas

(3) Sabihin ang iyong pangalan at numero ng telepono.
Kung hindi alam ang detalye lugar o sintomas ng may sakit, tatawag ulit ang bombero upang itanong ang detalye. Kaya, pagkatapos ng pag-report na tawag iwasan ang paggamit ng telepono/mobile phone.

Kobe City Fire Department Headquarters Division